Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

[illegible] KA[illegible]NG [illegible]ANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BA[illegible]YAN NOONG IKA- 14 NG PEBRERO, 2001, MIYERKULES SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 061-T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 3-T'2001 / KAUTUSAN SA LAANG GUGULIN BLG. 03 – T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG PATIMBAO NA NAGSUSUSOG SA HALAGANG ISANG DAAN ANIMNAPU'T SIYAM NA LIBO TATLONG DAAN TATLUMPU'T ANIM NA PISO AT LIMAMPU'T ANIM NA SENTIMOS (P169,336.56) BILANG SURPLUS NG 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN NG NABANGGIT NA BARANGAY NG TAONG 2000 UPANG ILAAN SA MGA PROYEKTO AT GAWAING PAMBARANGAY PARA SA TAONG 2001.*

*SAPAGKA'T*, ang halagang P169,336.56 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 ay ilalaan sa mga programa, proyekto at gawain sa taong 2001, ukol sa panlipunang pagpapaunlad at pamamahala ng barangay, ayon sa nasasaad sa nasabing kapasiyahan/kautusan ng Barangay Patimbao;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, Angelito U. Limjuco, Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 03-T'2001 / Kautusan sa Laang Gugulin Blg. 03-T'2001 ng Sangguniang Barangay ng Patimbao na nagsususog sa halagang P169,336.56 bilang surplus ng 20 bahagdang pondong pangkaunlaran ng nabanggit na barangay ng taong 2000 upang ilaan sa mga proyekto at gawaing pambarangay para sa taong 2001.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sang. Barangay ng Patimbao, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:
KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan